# INTERNATIONAL NAPASA　( May 6 th, 2025 )

## 1)PANGYAYARING NAKAWAN NOONG BUWAN NG MARSO SA LOOB NG SIYUDAD

3月に市内で発生した盗難事件の情報

Noong buwan ng Marso ay nagkaroon ng kabuuang 32 na kaso ng pagnanakaw ng bisikleta sa Hiratsuka City. Ang mga pangyayari ay naganap sa halos lahat ng bawat distrito ng siyudad lalo na sa lugar ng Beniyacho at Yaezakicho na may 3 kaso. At 2 kaso naman sa Daikancho at Hiratsuka. Kahit nasa kapaligiran ng tahanan nakaparada ang bisikleta at kahit nakasusi na ay nananakaw pa rin. Ipinapayo na kapag ipinarada ang bisikleta, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan din ng ***CABLE LOCK*** na mabibili sa mga ***HOME CENTER.***

Nagkaroon rin ng kabuuang 5 kaso ng pagnanakaw ng motorsiklo. Ipinapayong kapag ipinarada ang motorsiklo, bukod sa ordinaryong susi ay dagdagan rin ng kandadong panlaban sa magnanakaw. May mga kaso rin ng pagnanakaw ng mga gamit sa loob ng sasakyan sa Okazaki, Amanuma at Beniyacho. Ipinapayong huwag mag-iwan ng mga mahahalagang bagay sa loob ng sasakyan.

## 2)UKOL SA PAGHAHANAP NG GAGAMIT SA PATANIMAN PARA SA MAMAMAYAN

市民農園の利用者の募集のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay naghahanap ng gagamit sa 22 pataniwan sa loob ng lungsod. Ang kontrata ay 2 taon at may posibilidad na ito ay ma-extend. Ang bayad sa taunang pagre-renta ng pataniman ay mula ¥ 8,000 hanggang ¥ 18,000. Ang bayad sa pagre-renta ay magkakaiba ayon sa lugar. Makikita sa ***Home Page*** ng Hiratasuka City ang bakanteng lugar ng pataniman. Kung may katanungan ay maaaring tumawag sa ***AGRICULTURE AND FISHERIES DIVISION (NOUGYO SUISAN KA).*** Telephone No. **0463-35-8102 ( 0463-35-8102 )**.

## 3)IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN　・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa May 11 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 4)SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa May 7 (Wednesday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***SAN FRECCE HIROSHIMA*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. Ang ticket na hindi

nakareserba ang upuan kung binili ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 5)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG HUNYO

**6**月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, HULA DANCE, YOGA, UNDERWATER EXERCISE, AQUABICS*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa May 15 (Thursday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing foundation.